National Food Coalition
91 Madasalin St., Sikatuna Village, 1101
Quezon City, Philippines
Email: nationalfoodcoalition2013@gmail.com
Tel. No. (02) 351-7553

Position Paper on the
Right to Adequate Food Framework Bill

Aurea Miclat - Teves
Convenor, National Food Coalition (NFC)
President, Foodfirst Information and Action Network (FIAN-Phils.)

The National Food Coalition is calling for the immediate passage of the Right to Adequate Food Framework Bill. The bill is the product of the struggle of farmers, indigenous peoples, urban poor, women and youth for the recognition of the right to adequate food, and a comprehensive program to address the problem of hunger.

The NFC welcomes the explicit guarantee of the right to adequate food in the bill. Neither the 1987 Constitution of the Philippines nor any Philippine law expressly provides such a general guarantee. The Magna Carta of Women has a provision on the right to food, but only in the specific context of women's rights.

The Philippines has ratified the International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights, which explicitly guarantees the right to food. Although the Covenant forms part of Philippine law by the process of transformation and by the process of incorporation, it is not enough.

The NFC also recognizes that food is not a matter of charity, but a matter of right. It must be clarified by statute that the government has a legal obligation to respect, protect and fulfil this right. The Right to Adequate Food Framework Bill serves this end.

Scattered provisions of various statutes enforce different aspects of the right to adequate food. These include the Comprehensive Agrarian Reform Law, the Agriculture and Fisheries Modernization Act, the Philippine Fisheries Code, the Magna Carta for Small Farmers, the National Dairy Act, the High Value Crops Act, the Agricultural Tariffication Act, the Seed Industry Development Act, the Plant Variety Protection Act, the Price Tag Law, the Milk Code, and Philippine Food Fortification Act of 2000. A comprehensive law such as the Right to Appropriate Food Framework Act will unify and consolidate all these provisions.

The NFC upholds human rights principles. Just as the end is the promotion of a right, the means must be consistent with that goal. It recognizes the principles of participation, accountability, non-discrimination, transparency, human dignity, empowerment, and the rule of law as the foundation of the Right to Adequate Food Framework Bill.

The proposed law adopts a whole of government approach to hunger. The law will establish the Commission on the Right to Adequate Food (CRAF) which would be responsible for implementing it. The CRAF is mandated to cooperate and work with other government agencies. The whole of government will have the duty to ensure that its programs and projects promote, rather than obstruct, the realization of the right to adequate food.

The proposed law will also set targets, which are concrete indicators to determine whether the government has been successful in its implementation. Success rates and time periods for accomplishment will be monitored. A principal target of the law is achieving zero hunger within a given time frame.

The NFC appreciates the remedies included in the Bill in dealing with violations of the right to adequate food. A range of criminal, civil and administrative will be imposed on official or private persons for offenses in connection with the law.

PAHAYAG NG PAGSUPORTA SA HOUSE BILL 3795 O ANG ZERO HUNGER BILL

Kami, na nagmula sa mga People's Organizations, na kumakatawan sa iba't-ibang sektor sa lipunan – magsasaka, manggagawa, maralitang taga-lungsod, matatanda at nakatatanda, katutubo at kababaihan, na kasapi ng National Food Coalition – ay kaisa sa layunin na itaguyod ang ating karapatan sa sapat na pagkain at sa hangarin na mapawi ang lumalalang kagutuman dito sa ating bansa.

Iba-iba ang mga suliranin o isyu na aming kinakaharap sa usapin ng pagkain.

Kaming mga magsasaka na tinurang "food producers" ay walang makain. Marami sa amin ay walang sariling lupa na mabubungkal, kulang ang suportang serbisyo na aming natatanggap upang gawing produktibo ang lupa. Mahal din ang presyo ng farm inputs na ang pambili ay inutang lamang sa napakamahal na interes. Kaya ang malaking porsyento ng ani ay napupunta lamang sa pambayad sa utang. Lumiliit ang mga lupang taniman ng pagkain dahil sa land conversion at dahil sa rice importation, ang aming ani ay binibili sa napakamurang halaga.

Kaming mga manggagawa ay dumaranas din ng matinding kagutuman dahil sa di-regular na trabaho at kita. Tulad naming mga *batilyo* sa Navotas Fisport, nakasalalay sa dami ng isda ang aming kakainin. Kung may isda, may trabaho sa fishport at makakakain kami. Kung wala, itutulog nalang muna ang kalam ng sikmura. Mababa sa minimum wage ang aming kita na P250-300 sa loob ng 8-10 oras na paglalagi sa fishport. Wala rin kaming mga benepisyong natatanggap.

Kami namang mga maralitang tagalungsod ay salat din sa pagkain. Hindi regular at kakarampot lamang ang aming kita. Madalas ay mura ngunit walang sustansyang pagkain ang pampawi ng aming gutom. Bukod sa kulang ang pambili ay di-abot-kaya ang presyo ng mga pagkain. Madalas ay nasasakripisyo pa ang pagkain dahil sa iba pang mga gastusin. Ang ganitong kalagayan ay pinalulubha pa nang kawalan ng seguridad sa paninirahan. Madalas ay biktima kami ng demolisyon at ililipat kami sa relokasyon na walang hanapbuhay at salat sa mga pangunahing serbisyo tulad ng tubig, kuryente at ospital. Mula sa danger zone ay dinadala kami sa "death zone".

Sa hanay naman naming mga katutubo, ang lupa na syang aming buhay at pinagkukunan ng pangkabuhayan ay unti-unti winawasak at pinapatay. Dahil dito nawawala ang lupa at kabundukan na syang pangunahing pinagkukunan namin ng pagkain. Pinapasok ng mga investors (foreign at domestic) ang aming mga lupaing ninuno para gawing minahan at pastulan. Walang habas din ang pagputol ng mga puno sa gubat at talamak din ang pag-uuling kahit ito ay ipinagbabawal.

Matindi din ang gutom na dinaranas naming mga elderly at senior citizens dahil walang maayos na suporta o ayuda ang gobyerno sa amin. Wala kaming hanapbuhay. Ang social pension na P500 kada buwan ay kulang para matustusan ang aming mga pangangailangan tulad ng pagkain, gamot at iba pa. Isa pa masyadong mataas ang age bracket na 77 pataas bago ito ibigay. Ang dapat sana'y kada buwan na pension ay nagiging kada 3 buwan.

Sa kabila nang malaking papel na ginagampanan naming mga kababaihan sa usapin ng pagkain, kadalasan kami ay gutom. Dahil nakatali kami sa gawaing bahay, nalilimitahan ang oportunidad namin na makapagtrabaho at kumita. Dahil sa hirap ng buhay, kinakailangang gampanan namin ito ng sabay. Malaki ang epekto ng sobrang pagtatrabaho sa aming kalusugan. Kapag kami ay magkasakit, apektado rin ang pagkain at kalusugan ng aming pamilya. Sa halip na may pambili ng pagkain, ay ipambibili pa ng gamot. Ilan lamang ito sa marami pang mga suliranin na kinakaharap naming mga kababaihan sa usapin ng pagkain.

Ito ang kagyat at mga pangunahing suliranin na nais naming mabigyan ng tugon sa pagsasabatas ng House Bill 3795 o Zero Hunger Bill. Naniniwala kami na titiyakin nito ang karapatan at kasapatan sa pagkain ng bawat Pilipino. Narito ang ilan sa mga mahahalagang probisyon sa batas na makakatulong sa amin:

a) Ang pagbibigay ng minimum amount of food sa mga populasyon na nakakaranas ng gutom;
b) Ang pagpapalawak ng mga lupaing agrikultura na nakatuon sa produksyon ng pagkain;
c) Ang pagpapatupad ng mga programa na tutugon sa kakulangan sa pagkain halimbawa ang paggawa ng mga trabahong mapapasukan; at
d) Ang pagbabawal sa anumang gawain na hahadlang sa pagtatamasa ng karapatan sa pagkain ng bawat tao o grupo.

Kaya, kaisa kami sa mga sumusuporta at nananawagan na gawing ganap na batas ang House Bill 3795 o Zero Hunger Bill. Ang pagkakaroon ng pambansang polisiya na magtataguyod ng karapatan sa sapat na pagkain ay malinaw na pagtupad ng pamahalaan sa kanyang tungkulin.

Pagkain, Sapat Dapat!

Nagkakaisang Magsasaka ng Gitnang Luzon (NMGL)
Panlalawigang Asosasyon ng Mamamayang Ayta Nagkakaisa ng Zambales (PAMANA-ZAMBALES)
United Navotas Workers Association (UNAWA)
PASIG LIBRE
Elderly and Senior Citizen Federation of Payatas, Inc. – Quezon City